

# ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH

## Mga Serbisyo sa Pangmatagalang Pangangalaga para sa Mga Miyembro ng Medi-Cal Mga Madalas Itanong ng Miyembro

### Pangkalahatang-ideya

Simula sa Linggo, Enero 1, 2023, sasaklawin na ng Alameda Alliance for Health (Alliance) ang mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga (Long-Term Care, LTC) para sa mga miyembro ng Medi-Cal. Kasama sa pangmatagalang pangangalaga ang sanay at custodial na pangangalaga na ibinibigay sa Mga Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga (Skilled Nursing Facilities, SNF), at Pasilidad para sa Pana-panahong Pangangalaga (Intermittent Care Facilities, ICF).

### **T: Kailan ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabagong ito?**

**S:** Linggo, Enero 1, 2023.

### **T: Ano ang mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga (LTC)?**

**S:** Ang pangmatagalang pangangalaga (LTC) ay puwedeng simpleng tulong sa mga aktibidad sa sarili mong tahanan o sa isang residensyal na pasilidad ng pangangalaga, o sanay na sanay na pangangalaga sa isang pasilidad ng pag-aalaga. Kasama sa iyong benepisyo sa LTC ang sanay at custodial na pangangalaga na ibinibigay sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga kapag pinahintulutan ng Alliance.

### **T: Ano ang pasilidad ng pag-aalaga?**

**S:** Tinatawag ding nursing home, ang pasilidad ng pag-aalaga ay isang lugar para sa pangangalaga ng mga taong hindi puwedeng tumanggap ng pangangalaga sa bahay pero hindi kailangang manatili sa ospital.

### **T: Anong mga serbisyo ang matatanggap ko sa nursing home?**

**A:** Posibleng kasama sa mga serbisyonang ibinibigay sa isang nursing home ang:

- Pag-aalaga
- Bed and board (mga pang-araw-araw na pagkain)
- X-ray at pagsusuri sa laboratoryo kung kinakailangan
- Physical, speech, at occupational therapy
- Gamot na inireseta ng iyong doktor

### **T: Sino ang kwalipikado para sa pangmatagalang pangangalaga sa isang nursing home?**

**S:** Simula sa Linggo, Enero 1, 2023, may dalawang (2) uri ng pangangalaga na puwedeng aprubahan ang Medi-Cal para sa pagtanggap mo sa isang nursing home. Ang isa ay ang sanay na pangangalaga, at ang isa pa ay ang custodial na pangangalaga.

Kung hindi mo na ligtas na mapapangalagaan ang iyong sarili sa bahay dahil sa isang medikal na kundisyon, posibleng magkwalipika ka para sa custodial na pangangalaga sa isang nursing home. Kasama sa custodial na pangangalaga ang tulong sa mga pang-araw-araw na aktibidad gaya ng pagligo at pagbibihis, at puwede itong ibigay ng mga hindi lisensyadong tagapag-alaga. Ang sanay na pangangalaga ay medikal na kinakailangang pangangalaga na maibibigay lang ng o sa ilalim ng pagsubaybay ng nagsanay o lisensyadong medikal na tauhan. Halimbawa, posibleng nagpapagaling ka mula sa isang aksidente, operasyon, o malubhang karamdaman at hindi mo na kailangang manatili sa ospital, pero kailangan mo ng speech, physical, at occupational therapy sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga bago ka umuwi sa bahay.

**T: Paano ko malalaman kung kwalipikado akong makatanggap sa bahay ng mga benepisyo sa pangmatagalang pangangalaga?**

**S:** Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong mga benepisyo sa pangmatagalang pangangalaga, tumawag sa:

Alliance Member Services Department

Lunes – Biyernes mula 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

**T: Paano ako maaprubahan para sa pangmatagalang pangangalaga sa isang nursing home?**

**S:** Magpapadala ng kahilingan ang iyong doktor sa Alliance. Kung kwalipikado ka, aaprubahan ng Alliance ang kahilingan at makikipagtulungan sila sa iyong team ng pangangalaga para maghanap ng nursing home para sa iyo.

**T: Gaano katagal ako puwedeng manatili sa nursing home?**

**S:** Kapag naaprubahan ka para sa isang nursing home, sasabihin sa iyo kung kailan matatapos ang pag-apruba. Kung kailangan mo pa rin ng pangangalaga sa isang nursing home pagkalipas ng panahong iyon, puwedeng hilingin ng iyong doktor na palawigin ito.

**T: Paano kung nakatira na ako sa isang nursing home pero wala sa network ng Alliance ang nasabing home?**

**S:** Kung nakatira ka na sa nursing home, puwede kang manatili sa kasalukuyan mong nursing home nang hanggang isang (1) taon, kahit wala sa network ng Alliance ang nasabing pasilidad.

**T: Kakailanganin ko bang lumipat sa panibagong nursing home kapag natapos na ang isang (1) taon na pagpapatuloy ng pangangalaga?**

**S:** Pagkalipas ng isang (1) taon, puwede kang humiling ng dagdag na 12 buwan na pagpapatuloy ng pangangalaga para magawa mong manatili sa kasalukuyan mong nursing home.

**T: Ano ang mangyayari kung bubuti ang aking kundisyon sa panahon ng pananatili ko at hindi ko na matutugunan ang mga kinakailangan sa pagiging residente?**

**S:** Kung hindi mo na matutugunan ang mga pamantayan sa panahon ng pananatili mo, posibleng payagan kang manatili nang mas matagal para magkaroon ka ng oras para maghanda na ligtas na umuwi sa bahay.

**T: Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa isang pasya sa aking pangangalaga?**

**S:** Makakatanggap ka ng liham ng pasya. Tinatawag itong liham ng Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, NOA). Magagawa mo (o ng iyong doktor, nursing home, o awtorisadong kinatawan) na iapela ang pasya.

**T: Paano ako makakapagsumite ng apela?**

**S:** Puwede kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o online sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng liham ng Abiso ng Pagkilos.

**Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan kami at ihanda ang iyong ID card bilang miyembro ng Alliance:

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance

Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY):  
**711/1.800.735.2929**

**Sa pamamagitan ng koreo:** Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa numero sa itaas at hilinging padalhan ka ng form. Kapag nakuha mo na ang form, sagutan ito. Tiyaking isasama mo ang iyong pangalan, ID number bilang miyembro ng Alliance, at ang serbisyong inaapela mo.

Ipadala ang form sa:

Alameda Alliance for Health

ATTN: Alliance Grievance and Appeals Department

1240 South Loop Road

Alameda, CA 94502

Makakakuha sa tanggapan ng iyong doktor ng mga form para sa apela.

**Online:** Bisitahin ang website ng Alliance sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**

**T: Paano magsumite ng reklamo o alalahanin?**

**S:** Magagawa mo, o ng isang taong kumakatawan sa iyo, na maghain ng reklamo (karaingan) sa pamamagitan ng pagtawag sa:

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance

Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

**T: Gaano katagal bago ako makatanggap ng sagot sa aking reklamo o apela?**

**S:** Itinuturing na nangangailangan ng agarang atensyon o routine ang mga reklamong nauugnay sa iyong pangangalaga.

- Kung nangangailangan ito ng agarang atensyon, makakatanggap ka ng sagot sa loob ng 72 oras.
- Kung routine ito, makakatanggap ka ng sagot sa loob ng 30 araw ng kalendaryo.
- Ang mga reklamong nauugnay sa pagpoproseso para sa pangangasiwa, kontrata, o mga claim ay hindi itinuturing na nangangailangan ng agarang atensyon at lulutasin sa loob ng 30 araw ng negosyo mula sa petsa kung kailan natanggap ang kahilingan.

**T: Makakatanggap ba ako ng bill kung aaprubahan ng Alliance ang pananatili ko sa isang nursing home?**

**S:** Hindi kailangang magbayad ng mga miyembro ng Medi-Cal ng Alliance para sa mga sinasaklaw na serbisyo. Puwede kang makatanggap ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o statement mula sa isang provider. Hindi bill ang mga ito.